



St. Scholastica's Academy of Pampanga, Inc.

Brgy. Quebiawan, City of San Fernando, Pampanga

☎ (045) 455 3808 | 0968 856 7486

✉ ssasf.hs@gmail.com

🌐 ssapamp.edu.ph

“Sent by Christ, we go forth on our mission to work for Truth, Justice and Peace.”

HIGH SCHOOL DEPARTMENT

School Year 2026 – 2027

Liham Sirkular # 3

Opisina ng Punong-Guro

*Benediktinang halagahan sa Buwan ng Agosto:
Magiliw na Pagtanggap (**HOSPITALITY**)*

Agosto 3, 2026

Mga mahal naming Magulang at Tagapag-alaga,

“Kapayapaan at pagpapala sa ngalan ng espiritu ni Santa Eskolastika!

Ang St. Scholastica's Academy of Pampanga ay buong puso pong nakikiisa sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wika** ngayong Agosto na may temang **“Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Pagkatuto.”** Ang temang ito ay nakatutok sa kahalagahan ng ating wika sa pag-aaral at sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at *Artificial Intelligence*. Ang temang ito ay nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng ating Pambansang Wika sa pag-aaral, gayundin sa responsableng paggamit ng mabilis na umuunlad na teknolohiya at *Artificial Intelligence (AI)* para sa mas malalim na pananaliksik at pagkatuto ng ating mga mag-aaral.

Upang maging makabuluhan ang pagdiriwang na ito, maghahanda ang ating paaralan ng mga kapaki-pakinabang na gawain na lilingan sa talino, malikhaing pag-iisip, at pagmamahal ng mga mag-aaral sa ating kultura at wika. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, matutulungan natin ang ating mga anak na maging matalino sa paggamit ng makabagong teknolohiya habang nakatuntong pa rin sa ating sariling pagkakakilanlan at kasanayan.

Sa pagdiriwang na ito, ating isasabuhay ang **Benedictine Hallmark** na **Hospitality** sa pamamagitan ng pagpapatibay ng ating katutubong kaugaliang Pilipino na pagiging bukas-palad at magiliw na pagtanggap sa kapwa. Katulad ng tradisyong Benediktino na sumasalubong sa bawat kapwa bilang si Kristo, ang ating likas na pagiging matanggapin bilang mga Pilipino ay magsisilbing tulay upang pagbuklurin ang ating pamayanan sa pagtanggap, paggalang, at pagtutulungan.

Upang mapanatili ang kaayusan at kaalaman ng lahat, mangyaring isaalang-alang ang mga sumusunod na mahahalagang aktibidad at pangunahing kaganapan para sa buwan ng **Agosto**:

Agosto

- | | |
|----|---|
| 3 | Pangkalahatang Kapulungan
Paglulunsad ng Buwan ng Wika
Muling paglulunsad ng <i>SCOPE: Scholastican Collaboration for Peer Excellence</i> at MaSSAyang Kaarawan |
| 5 | Grade 8 SIP Activity: “SalaySSAyan: Kwentuhan, Kaalaman, at Kamalayan” |
| 7 | <i>First Friday Mass</i> |
| 11 | <i>Field Exposure: Grade 12 HUMSS</i> |
| 15 | Pagsasagawa ng <i>Ocular Visit</i> para sa Lakbay-Aral: Baitang 10 at 11 |



-----REPLY SLIP-----

Nabasa at naunawaan ko ang nilalaman ng liham-pakikipagtalastasan #3 na may petsang Agosto 3, 2026.

____ Ako ay **makadadalo** sa *Parents' Enrichment Seminar* sa Agosto 22, 2026.

____ Ako ay **hindi makadadalo** sa *Parents' Enrichment Seminar* sa Agosto 22, 2026.

Pangalan at Lagda ng Magulang

Pangalan at Lagda ng Mag-aaral

Baitang at Pangkat

Petsa

- 21 ***Ninoy Aquino Day – Holiday – No classes***
(Biyernes) Pagsasagawa ng *Ocular Visit* ng mga guro para sa Lakbay-Aral: Baitang 8 at 9
22 ***Parents' Enrichment Seminar***
(Sabado) Tema: "*Connected & Resilient: Raising Children Without Burnout in a High-Pressure World*"
Oras: 12:30 hanggang 4:00 ng hapon.
28 Pagdiriwang ng Pagkatuto sa Buwan ng Wika
29 ***Grade 7 Recollection***
31(Lunes) ***National Heroes' Day – Holiday - No classes***

Lubos po kaming umaasa sa inyong masiglang pakikiisa sa lahat ng mga gawain ngayong buwan. Sa tulong ng inyong patuloy na suporta, naisasakatuparan natin ang mithiing ***holistic formation*** para sa bawat mag-aaral.


Maraming salamat po. Nawa'y maghari ang kapayapaan at biyaya ng Diyos sa inyong mga tahanan.

Sa pag-ibig ni Kristo,


MR. MARLON CUEVAS
Coordinator of Student Activities


MS. PAULINE RESHA MANALO
JHS Academic Coordinator


MS. JOBELLE CELESTE
SHS Academic Coordinator


MS. JULIETTA TAYAG
High School Principal

Approved by


SISTER MARY JOHN MANANZAN, OSB
School Directress